Tunay na ang demonyo ay nasasapahintulutan sa pagkain na hindi binigkas ang pangalan ni Allāh dito

Ayon kay Ḥudhayfah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Kami noon, kapag dumalo kami kasama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa isang kainan, ay hindi naglalagay ng mga kamay namin hanggang sa magsimula ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka maglagay siya ng kamay niya. Tunay na kami ay dumalo minsan kasama niya sa isang kainan. May dumating namang isang batang babae na para bang ito ay itinutulak sapagkat pumunta ito upang maglagay ng kamay nito sa pagkain ngunit humawak ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa kamay nito. Pagkatapos may dumating namang isang Arabeng-disyerto na para bang itinutulak ito ngunit humawak siya sa kamay nito. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na ang demonyo ay nasasapahintulutan sa pagkain na hindi binigkas ang pangalan ni Allāh dito. Tunay na siya ay dumating sa pamamagitan ng batang babaing ito upang masapahintulutan siya sa pamamagitan nito kaya humawak ako sa kamay nito saka dumating naman sa pamamagitan ng Arabeng-disyerto na ito upang masapahintulutan siya sa pamamagitan nito kaya humawak ako sa kamay nito. Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya, tunay na ang kamay nitong [demonyo] ay nasa kamay ko kasama ng kamay nitong [batang babae]."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Binanggit ni Ḥudhayfah (malugod si Allāh sa kanya) na sila, kapag dumalo sila kasama ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa isang kainan, ay hindi naglalagay ng mga kamay nila dito hanggang sa magsimula ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka maglagay siya ng kamay niya. [Nagsabi siya]: "Tunay na kami ay dumalo minsan kasama niya sa isang kainan. May dumating namang isang batang babae na dahil sa tindi ng bilis nito para bang ito ay itinutulak sapagkat pumunta ito upang maglagay ng kamay nito sa pagkain ngunit humawak ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa kamay nito. Pagkatapos may dumating namang isang Arabeng-disyerto na para bang itinutulak ito ngunit humawak siya sa kamay nito bago masaling nito ang pagkain. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na ang demonyo ay nabibigyang-kakayahan sa pagkain kapag may nagsimula rito na isang tao nang walang pagbanggit kay Allāh (napakataas Siya). Tunay na siya ay dumating sa pamamagitan ng batang babaing ito upang masapahintulutan siya sa pamamagitan nito kaya humawak ako sa kamay nito saka dumating naman sa pamamagitan ng Arabeng-disyerto na ito upang masapahintulutan siya sa pamamagitan nito kaya humawak ako sa kamay nito. Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya, tunay na ang kamay ng demonyo ay nasa kamay ko kasama ng kamay nitong [batang babae]." Pagkatapos binanggit niya ang pangalan ni Allāh (napakataas Siya) at kumain siya.